CPMA 2012 - Tula para sa mga Bata - 1st Prize
"Gusto Ko nang Lumaki"
By: Torralba, John Enrico C.

# GUSTO KO NANG LUMAKI
## Mga Tulang Pambata
## (Para kay Leia at Mei-mei)

**GUSTO KO NANG LUMAKI**

Gusto ko nang lumaki, gusto ko nang tumangkad,
At mapuno ng masel ang katawan kong payat.
Kapag  nagkaganoon, kay raming magagawa,
At hindi na titingnan bilang kawawang bata.

Maaabot ko na rin ang sumabit kong guryon,
Matatawid ang baha sa higante kong talon.
Walang bundok o burol ang ‘di kayang lampasan,
Matutuling sasakyan ay kaya kong sabayan.

Kahit anong mabigat ay kaya kong pasanin,
At hindi matitinag ng malakas na hangin.
Katatakutang tiyak ng mahilig manukso
Ngunit laging tutulong sa naaagrabyado.

Gusto ko nang lumaki, gusto ko nang tumangkad,
At mapuno ng masel ang katawan kong payat.
Ngunit kapag pagod na, ang gusto ko’y lumiit
At sa tabi ni Nanay at Tatay ay sisingit.

**BAGO MATULOG**

Ate, ano ang alitaptap?

Para ba itong ilaw ng trak?

*Hindi. Ito ay munting ilaw*

*Na nagsasayaw sa halaman.*

Kuya, totoo ba ang banog?

Basura ba ito sa sulok?

*Naku, malaki itong bagwis,*

*Hari ito ng himpapawid.*

Tatay, mayroon po bang dugong?

Bilog ba itong parang gulong?

*Anak, ito'y hayop sa tubig,*

*At sabi'y magaling umawit.*

Nanay, sino po ba si Lam-ang?

Sa kanya ba tayo may utang?

*Bunso, kung mahihimbing ka na,*

*Siya ay magpapakilala.*

**HIKAB**

kapag ako'y humikab nagkakasya raw ang trak kaya rin daw pumasok ng LRT sa loob p'wede pa ngang paglagyan ng isang karagatan kaya laging mag-ingat

**SINISINOK**

Problema talaga kapag sinisiHIK!

Nagsimula ito kaniHIK! umaga,
Matapos kumain ng kani't tinaHIK!.
Sa una'y HIK!hina, parang bulong lamang,
Hanggang sa umalog ang baso HIK! pinggan.

Pagsakay ko ng HIK, ito ay lumala.
Akala HIK! drayber, ako'y pumapaHIK!
Nang  magbabayad na, ako HIK! sininok,
HIK!sihulog tuloy, sukling iniabot.

At sa paaraHIK!, nagtaka HIK! lahat
HIK! pilit hinanap ang HIK!lakang bundat.
Ang aking pagsiHIK! ay umalingangaw
Sa mga pasilyo HIK! mga kuwarHIK!

Sinubok HIK!  lahat ng alam HIK! gamot
Ngunit di tumigil HIK! aking pagsinok.
Kinonsulta HIKmin ang maraming dokHIK!
Maging albularHIK! sa HIK!layong nayon.

Hanggang HIK!balita sa tv HIK! radyo

HIK! naimbitahang interbyuhin HIK!ko.

Ngayong HIK!harap ko ang mga kamerHIK!,

Ang aking pagsinok ay biglang nawala.

Problema talaga kapag sinisinok!

**PAG PANAHON NG MANGGA**

Pag panahon ng mangga
Damit ay nagmamantsa,
Kukulubot ang ilong
Sa samyo ng bagoong.

Pag panahon ng duhat
T-shirt ay nabubundat
At mga ngipin namin
Ay tila inuuling.

Pag panahon ng santol
Bulsa ay bumubukol;
Naglalakihang pakwan
Ang aming mga tiyan.

Atis o sinigwelas,
Kahit na anong prutas,
Pag bumigat ang sanga,
Ang inaani’y saya.

**PLIS NAMAN!**

Ay!  Huwag na huwag akong kilitiin
Lalo na kung ako'y ganadong kumain.
Kung daliri ninyo'y sa tenga dumampi,
Mesa'y magmamantsa sa aking pagngiti.

Itigil n'yo naman ang pagpapatawa
Kapag may laman pa ang aking kutsara.
Titilapong tiyak ang aking hagikgik,
Hahalo sa toyo, bagoong at patis.

Kung makitang ako ay busog na busog,
Huwag nang dagdagan ang inyong pagdyodyok.
Baka sumabog pa ang aking halakhak,
Tuluyang dumikit sa sahig at lapag.

At kung itutuloy itong katuwaan,
Ay! Huwag na huwag na ako'y tabihan.
Kayang-kaya ko ring kayo'y patawanin
Ng aking mabango't bundat na halinghing.

**PAKIUSAP**

Umaalog ang mga k'wadro,
Nanginginig ang mga plato,

Nalalanta ang sampagita
At nabubuwal ang plorera,

Nagugulat ang aso't pusa,
Mga insekto'y nagwawala,

Ilaw sa poste'y sumasabog,
Mga kawad ay nahuhulog,

Nagbubuhol-buhol ang trapik
At tambutso ay nagagalit.

Kaya h'wag po akong sigawan
Kahit ako'ng maykasalanan.

**MANALO-MATALO**

Minsan ay gumawa ng guryon si Pepe
Na yari sa patpat at papel na berde.
At sa himpapawid, tila isang dahon
Ang kanyang laruang parito't paroon.

Puno ng halakhak ang kanyang damdamin
Habang sumasayaw ang guryon sa hangin.
Lalo pang natuwa nang kanyang makita'ng
May mga sasaling ibang saranggola.

Subalit sa gitna ng laro at saya
Biglang nakadama si Pepe ng kaba.
Kanyang napapansing may isa pang guryong
Tila lumalapit, tila naghahamon.

Nais sana niyang larua'y ilayo
Ngunit ang ganito'y bahagi ng laro.
Kaya't inihanda ang kanyang laruan
At saka umasang magwagi sa laban.

Sa umpisa'y tila patas ang dalawa.
Walang sumusuko't pigil ang hininga.
Ngunit mas matibay ang kanyang kahamok,

Ang pisi ng guryon ni Pepe’y nalagot.

Napuno ng lungkot ang puso ni Pepe,
Tila ‘di matanggap ang mga nangyari.
Ngunit ‘di nagtagal ay kanyang naisip,
Manalo, matalo,dapat ay tumindig.

Agad s’yang lumapit sa batang nanalo
At saka sinabing “Ang husay-husay mo!”
“Sinuwerte lamang,” sagot ng kausap.
“At mahusay ka rin,” ang kanya pang dagdag.

**SI NITOY NA MAGUGULATIN**

Sa magkakaibigan, kakaiba si Nitoy;
Sa kakaibang ingay, sa taguan tutuloy.
"Kung ano-ano kasi ang aking naiisip
Lalo na kung ang tunog ay iba sa pandinig."

Noong Linggo'y nagyaya si Nitoy sa may parke
Nang biglang kumalembang ang kampana sa tore.
Agad siyang nagtago sa upuang semento;
"Naku po!  May peligro ang parating na bagyo!"

"Mali ang akala mo," sabi ng kaibigan.
"Ang iyong naririnig ay mula sa simbahan."
Nang makita ni Nitoy ang mga magsisimba,
Nahihiyang niyakag ang kasama sa misa.

Minsan siya'y nanood ng basketball sa plasa
Nang biglang umatungal ang mahabang sirena.
Sa ilalim ng silya, ang bata ay nagsiksik
"Isang higanteng baka ang hindi matahimik!"

"Mali ang akala mo," ang sabi ng katabi

"Hudyat 'yun na tapos na ang laro ngayong gabi."
Nang makita ni Nitoy ang mga lumilisan
Agad siyang umuwi't takot na pagtawanan.

Nang minsang magkaroon ng parada ng banda
Nakihabol si Nitoy sa mga nagmamartsa
Subalit nang marinig, silbatong sunud-sunod,
Siya ay napaigtad at agad tumalikod.

Kaya naman  bihirang maglalabas si Nitoy
Kahit na hilig niya ang maglaro maghapon.
Sa kakaibang tunog, ngiti ay naglalaho,
Ingay na 'di kilala'y takot sa kanyang puso.

Kaya ang naging gawi ng mga kaibigan,
Siya'y paliwanagan at paalalahanan:
"Pag-aralang mabuti ang mga naririnig.
Manatiling kalmado't tumingin sa paligid."

Hindi kinalimutan ni Nitoy ang habilin
At laging nasa isip kapag nagliliwaliw.
At kung sakali namang ito'y kanyang nalimot,
Kaibiga'y tutulong mapawi'ng pagkatakot.

**BULA-TULA,  BERSO-LARO**

Hindi raw ito tula

At isa lamang bula.

Kaya ang gusto'y buto

Na sintigas ng bato.

Subalit nang buhatin,

Naging mga buhangin.

Nang manghuli ng hipon,

Tumagal buong hapon.

Hindi raw ito tula

At isa lamang bula.

Kaya 'wag nang magtanong

Kung may diwa o talong.

Ulit, 'di ito tula

Kundi isa lang bula.